# Pagbibigay Ng mga Unang bunga

"9 Parangalin mo ang Panginoon ng iyong tinatangkilik, at ng mga unang bunga ng lahat mong ani:10Sa gayo'y mapupuno ang iyong mga kamalig ng sagana, at ang iyong mga alilisan ay aapawan ng bagong alak." (Kawikaan 3:9-10)

Ang Bibliya ay nagsasabi tungkol sa unang silang at ang mga unang bunga na pagaari ng Panginoong ating Diyos. Habang nangangako nating unahin ang Diyos at bilang ating prioridad, pagbabasa, at pagunawa sa Salita ng Diyos ay higit na nagpapasigla sa atin upang gawin ang hinihiling ng Diyos sa atin. Ating iginagalang ang Panginoon sa ating mga katawan at pamumuhay sapagka't tayo ay kanyang templo. Hinihiling din sa atin upang igalang ang Panginoon sa bawat kabuhayan o pagaari na mayroon tayo at sa ating mga unang bunga ng lahat ng ating pagtaas. Ang mga unang bunga ay ang unang mga bagay na pagaari ng Diyos at kailangan natin na ibalik ito sa Panginoon. Bilang pagsunod natin sa utos na ito, ang Panginoon ay magdadagdag pa sa atin at pagpapalain tayo ng sagana lampas sa ating inaakala. Ipinangako Niya, "Sa gayo'y mapupuno ang iyong mga kamalig ng sagana, at ang iyong mga alilisan ay aapawan ng bagong alak." (Kawikaan 3:10) Inuuna natin ang Diyos sa pagbibigay sa Kanya ng ating unang bunga.

A. Igalang ang Diyos sa mga Unang Bunga

1. Ang paggalang sa Diyos sa mga unang bunga ay kilos ng katapatan na ipinahayag sa pamamagitan ng pagbibigay: Dapat nating alalahanin at igalang anv Diyos sa pagbabalik sa Kanya ng mga unang bunga na ating natanggap mula sa Kanya. Ito ay ang mga kinakailangan ng Panginoon mula sa atin. "1 At ang Panginoon ay nagsalita kay Moises, na sinasabi, 2 Pakabanalin mo sa akin ang lahat ng mga panganay, anomang nagbubukas ng bahay-bata sa mga anak ni Israel: maging sa tao at maging sa hayop ay akin." (Exodu 13:1-2) "12 Ay ihihiwalay mo para sa Panginoon yaong lahat na nagbubukas ng bahay-bata, at bawa't panganay na mayroon ka na mula sa hayop; ang mga lalake, ay sa Panginoon. 13 At bawa't panganay sa asno ay tutubusin mo ng isang kordero; at kung hindi mo tutubusin, ay iyo ngang babaliin ang kaniyang leeg: at lahat ng mga panganay na lalake sa iyong mga anak ay iyong tutubusin." (Exodu 13:12-13)

2. Ang paggalang sa Diyos sa mga unang bunga ay paggunita sa makapangyarihang mga gawa ng Diyos at kaligtasan at pagliligtas: Kinakailangan ng Diyos ang pagtatalaga ng mga panganay at ang mga unang bunga sa pagliligtas sa Kanyang hinirang na mga tao mula sa ilalim at pagkaalipin sa Ehipto. "36 Sinaktan din niya ang lahat na panganay sa kanilang lupain, ang puno ng lahat nilang kalakasan.
37 At kaniyang inilabas sila na may pilak at ginto: at hindi nagkaroon ng mahinang tao sa kaniyang mga lipi." (Awit 105:36-37) "50 Kaniyang iginawa ng landas ang kaniyang galit; hindi niya pinigil ang kanilang buhay sa kamatayan, kundi ibinigay ang kanilang buhay sa pagkapuksa; 51At sinaktan ang lahat na panganay sa Egipto, ang panguna ng kanilang kalakasan sa mga tolda ni Cham: 52 Nguni't kaniyang pinayaon ang kaniyang sariling bayan na parang mga tupa, at pinatnubayan sila sa ilang na parang kawan." (Awit 78: 50-52) Ang Panginoon ay pinuksa ang mga panganay ng mga Ehipto, tao at hayop, ngunit inalis Niya ang Kanyang bayan ng matagumpay ng araw na kinuha Niya ang Kanyang bayan sa Ehipto. "14 At mangyayari, na pagtatanong sa iyo ng iyong anak sa panahong darating, na sasabihin, Ano ito? na iyong sasabihin sa kaniya: Sa pamamagitan ng lakas ng kamay ay inilabas tayo ng Panginoon sa Egipto, sa bahay ng pagkaalipin. 15At nangyari, nang magmatigas si Faraon na hindi kami tulutang yumaon, ay pinatay ng Panginoon ang lahat ng mga panganay sa lupain ng Egipto, ang panganay ng tao at gayon din ang panganay ng hayop: kaya't aking inihahain sa Panginoon ang lahat ng nagbubukas ng bahay-bata na mga lalake; nguni't lahat ng panganay ng aking anak ay aking tinutubos. 16 At magiging pinakatanda sa iyong kamay, at pinakaalaala sa pagitan ng iyong mga mata: sapagka't sa pamamagitan ng lakas ng kamay ay inilabas tayo ng Panginoon sa Egipto." (Exodu 13:14-16) Ang Panginoong Diyos ay iniligtas tayo, at habang ang Diyos ay patuloy na ginagawa ang malaking mga himala at kababalagahan sa ating buhay, sa pagpapanatili ng ating kalusugan, pagbibigay ng lahat ng ating kailangan, at pagpapala sa atin sa bawat lugar ng ating buhay, ibalik sa Kanya ang unang ani ng lahat ng ating pananim o ang unang buwan ng ating buong sahod at kinikita sa bawat taon bilang isang tanda ng pasasalamat at pagkilala sa Kanyang kabutihan at kamangha manghang gawa para sa pagliligtas sa atin mula sa pagkaalipin sa kasalanan at kamatayan. Kung walang biyaya ng pagliligtas ng Diyos at nang walang pagtataguyod ng Diyos at pagbibigay para sa lahat ng pang araw araw nating pangangailangan, wala tayo at wala tayong magagawa. Sa gayon ang pagbibigay sa Diyos ng unang bunga ay pagbibigay ng ating unang sahod, ang unang pagtaas, ang unang buwan kinikita sa bawat taon bilang pagpapasakop sa utos ng Diyos. Kailangan din nating ipaliwanag ang dahilan para sa pagbibigay ng ating mga unang bunga sa Diyos sa ating mga anak at sa ating mga alagad sapagka't tayo naging isang alipin ng kasalanan at nasa malalim na pagkaalipin at isang alipin sa ating mga pangangailangan, ngayon ay napalaya ng Panginoon sa pamamagitan ng dugo ni Jesus, ang unang bunga mula sa libingan. Kailangan natin lahat na maunawaan ang kahulugan at gawin ang hinihiling ng Diyos sa atin upang sa huli ay pagpalain. "29 Huwag kang magmamakupad ng paghahandog ng iyong mga ani, at ng tulo ng iyong mga pigaan. Ang panganay sa iyong mga anak na lalake ay ibibigay mo sa akin." (Exodu 22:29)

3. Ang Diyos ay hinati ang mga unang bunga para sa mga pari. "8 At sinalita ng Panginoon kay Aaron, At ako'y, narito, aking ibinigay sa iyo ang katungkulan sa mga handog na itinaas sa aking, lahat ng mga banal na bagay ng mga anak ni Israel; aking ibinigay sa iyo dahil sa pagpapahid, at sa iyong mga anak na marapat na bahagi ninyo, magpakailan man. 13 Ang mga unang hinog na bunga ng lahat na nasa kanilang lupain, na kanilang dinadala sa Panginoon, ay magiging iyo; bawa't malinis sa iyong bahay ay kakain niyaon. 14 Lahat ng mga bagay na natatalaga sa Israel ay magiging iyo. 15 Lahat ng mga bagay na nagbubukas ng bahay-bata, sa lahat ng laman na kanilang inihahandog sa Panginoon, sa mga tao at gayon din sa mga hayop, ay magiging iyo: gayon man ang panganay sa tao ay tunay na iyong tutubusin, at ang panganay sa maruruming hayop ay iyong tutubusin. 16 At yaong mga matutubos sa kanila, mula sa isang buwang gulang ay iyong tutubusin, ayon sa iyong pagkahalaga, ng limang siklong pilak, ayon sa siklo ng santuario (na dalawang pung gera)." (Bilang 18:8, 12-16) Ang Panginoong Diyos ay ibinigay ang mga unang bunga kay Aaron ang pari para sa kanyang ikabubuhay. Ang praktikal na paglalapat ng kautusang ito ay para sa atin ngayon na ang unang mga bunga ay gagamitin upang suportahan ang simbahan. "20 At sinabi ng Panginoon kay Aaron, Huwag kang magkakaroon ng mana sa kanilang lupain, ni magkakaroon ka ng anomang bahagi sa gitna nila: ako ang iyong bahagi at ang iyong mana sa gitna ng mga anak ni Israel." (Bilang 18:20) Ang mga pari ay hindi nabigyan ng mamanahin

ngunit silay suportado sa mga unang bunga bilang ang Diyos ang nagtalaga. Mayroong labindalawang angkan sa Isrel kabilang ang Epraim at Manase at sa gayon bawat angkan ay pasanin ang responsibilidad sa bawat buwan ng taon upang suportahan ang mga pari sa kanilang unang mga bunga.

4. Ang Diyos ay nagbigay ng pagkakaiba ng unang mga bunga at ikapu: "21 At sa mga anak ni Levi, ay narito, aking ibinigay ang lahat ng ikasangpung bahagi sa Israel na pinakamana, na ganti sa kanilang paglilingkod na kanilang ipinaglilingkod, sa makatuwid baga'y sa paglilingkod sa tabernakulo ng kapisanan. 22 At sa haharapin ay huwag lalapit ang mga anak ni Israel sa tabernakulo ng kapisanan, baka sila'y magtaglay ng kasalanan, at mamatay. 23 Nguni't gagawin ng mga Levita ang paglilingkod ng tabernakulo ng kapisanan; at kanilang tataglayin ang kanilang kasamaan: ito'y magiging palatuntunan magpakailan man sa buong panahon ng inyong mga lahi, at sa gitna ng mga anak ni Israel ay hindi sila magkakaroon ng mana. 24 Sapagka't ang ikasangpung bahagi ng tinatangkilik ng mga anak ni Israel na kanilang ihahandog na pinakahandog na itinaas sa Panginoon, ay aking ibinigay sa mga Levita na pinakamana: kaya't aking sinabi sa kanila, Sa gitna ng mga anak ni Israel ay hindi sila magkakaroon ng mana." (Bilang 18:21-24) Mula sa nabanggit sa Banal na Kasulatan ito ay malinaw na ang ikapu at ang mga unang bunga ay magkaibang institusyon. Inilaan ng Diyos ang ikapu para sa mga Levita at ang mga unang bunga para sa mga pari. Ang praktikal na aplikasyon ng tagubiling ito ng simbahan sa ngayon ay upang gamitin ang ikapu na suporta sa mga manggagawa ng simbahan at ang mga unang mga bunga ay upang suportahan ang pastor at ang kanyang makadiyos na pamilya.

Katulad, sa aklat ng Nehemiah, ito ay malinaw na naipaliwanag na ang ikapu at ang mga unang bunga ay magkaiba ng institusyon. "35 At upang dalhin ang mga unang bunga ng aming lupa, at ang mga unang bunga ng lahat na bunga ng sarisaring puno ng kahoy, taon-taon, sa bahay ng Panginoon: 36 Gayon din ang panganay sa aming mga anak na lalake, at sa aming hayop, gaya ng nasusulat sa kautusan, at ang mga panganay sa aming bakahan at sa aming mga kawan, upang dalhin sa bahay ng aming Dios, sa mga saserdote, na nagsisipangasiwa sa bahay ng aming Dios: 37 At upang aming dalhin ang mga unang bunga ng aming harina, at ang aming mga handog na itataas, at ang bunga ng sarisaring punong kahoy, ang alak, at ang langis, sa mga saserdote, sa mga silid ng bahay ng aming Dios; at ang ikasangpung bahagi ng aming lupa sa mga Levita; sapagka't sila, na mga Levita, ay nagsisikuha ng mga ikasangpung bahagi sa lahat na aming mga bayan na bukiran." (Nehemiah 10:35-37) Muli ang ikapu ay ibibigay sa mga Levita at hindi sa mga pari sapagkat ang mga pari ay nakakatanggap ng mga unang bunga.

Nagyon sa mga nagsasabi na ang katuruan sa pagbibigay ng mga unang bunga ay nasa Lumang Testamento, ang aking sagot sa kanila ay ang katuruan ng pagbibigay ng ikapu ay nasa Lumang Testamento din at isinasagawa din ito sa Bagong Testamento.

B. Ang Panganay ay pagaari ng Diyos: "11 At sinalita ng Panginoon kay Moises, na sinasabi, 12 At tungkol sa akin, narito, aking kinuha ang mga Levita sa gitna ng mga anak ni Israel sa halip ng mga panganay na nagbubukas ng bahay-bata sa mga anak ni Israel: at ang mga Levita ay magiging akin: 13 Sapagka't lahat ng mga panganay ay sa akin; sapagka't nang araw na aking lipulin ang lahat ng mga panganay sa lupain ng Egipto ay aking pinapagingbanal sa akin, ang lahat ng mga panganay sa Israel, maging tao at maging hayop: sila'y magiging akin; ako ang Panginoon." (Bilang 3:11-13) Ang unang silang na lalaki at ang panganay na baka at tupa ay tunay na pagaari ng Diyos at hindi natin maaring isantabi ang batas ng Diyos:

"14 At sinalita ng Panginoon kay Moises sa ilang ng Sinai, na sinasabi, 15 Bilangin mo ang mga anak ni Levi, ayon sa mga sangbahayan ng kanilang mga magulang, ayon sa kanilang mga angkan: bawa't lalake na mula sa isang buwang gulang na patanda ay bibilangin mo. 16 At sila'y binilang ni Moises ayon sa salita ng Panginoon, gaya ng iniutos sa kaniya." (Bilang 3:14-16) Kaya si Moses ay binilang sila ayon sa kanyang inuutos.

"39 Yaong lahat na nangabilang sa mga Levita na binilang ni Moises at ni Aaron sa utos ng Panginoon ayon sa kanilang mga angkan, lahat ng lalake mula sa isang buwang gulang na patanda, ay dalawang pu't dalawang libo. 40 At sinabi ng Panginoon kay Moises, Bilangin mo ang lahat ng mga lalaking panganay sa mga anak ni Israel mula sa isang buwang gulang na patanda, at iguhit mo ang bilang ng kanilang mga pangalan. 41 At iuukol mo sa akin ang mga Levita (ako ang Panginoon) sa halip ng lahat ng mga panganay sa mga anak ni Israel; at ang mga hayop ng mga Levita sa halip ng lahat ng mga panganay sa mga hayop ng mga anak ni Israel." (Bilang 3:39-41) Ang layunin ng Diyos ay kunin ang mga Levita bilang isang kapalit para sa panganay ng lahat ng mga Israelita.

"42 At binilang ni Moises, gaya ng iniutos sa kaniya ng Panginoon, ang lahat ng mga panganay sa mga anak ni Israel. 43 At lahat ng mga panganay na lalake ayon sa bilang ng mga pangalan, mula sa isang buwang gulang na patanda, doon sa nangabilang sa kanila, ay dalawang pu't dalawang libo at dalawang daan at pitong pu't tatlo. 44 At sinalita ng Panginoon kay Moises, na sinasabi, 45 Kunin mo ang mga Levita sa halip ng lahat na mga panganay sa mga anak ni Israel, at ang mga hayop ng mga Levita sa halip ng kanilang mga hayop: at ang mga Levita ay magiging akin; ako ang Panginoon. 46 At sa ikatutubos sa dalawang daan at pitong pu't tatlong panganay ng mga anak ni Israel na higit sa bilang ng mga Levita, 47 Ay kukuha ka ng limang siklo sa bawa't isa ayon sa ulo; ayon sa siklo ng santuario kukunin mo (isang siklo ay dalawang pung gera): 48 At ibibigay mo kay Aaron at sa kaniyang mga anak ang salaping ikatutubos na humigit sa bilang nila. 49 At kinuha ni Moises ang salaping pangtubos sa mga labis na humigit sa mga natubos ng mga Levita: 50 Mula sa mga panganay ng mga anak ni Israel kinuha niya ang salapi; isang libo at tatlong daan at anim na pu't limang siklo, ayon sa siklo ng santuario: 51 At ibinigay ni Moises kay Aaron at sa kaniyang mga anak ang salaping pangtubos ayon sa salita ng Panginoon, gaya ng iniutos ng Panginoon kay Moises." (Bilang 3:42-51) Ang Diyos ay napaka partikular tungkol aa kanyang pagangkin sa unang silang at sa mga panganay, Ang maaliit na bilang ng unang-silang ay lumampas sa bilang ng mga Levita (273 sa lahat) na upang matubos, at 5 mga siklo bawat piraso, at ang natubos na pera ay ibibigay kay Aaron. Ito ay kung paano ang lahat ng unang silang ng Israel at ang mga panganay ng kanilang mga baka ay ibibigay sa Diyos, at ang Diyos ay bibigyan sila ng mga kaloob sa mga pari na naglilingkod sa harap NIYA.

"14 Ganito mo ihihiwalay ang mga Levita sa gitna ng mga anak ni Israel: at ang mga Levita ay magiging akin. 15 At pagkatapos nito ay magsisipasok ang mga Levita, upang gawin ang paglilingkod sa tabernakulo ng kapisanan at iyo silang lilinisin, at ihahandog mo na pinakahandog na inalog. 16 Sapagka't sila'y buong nabigay sa akin sa gitna ng mga anak ni Israel; na kinuha ko silang kapalit ng lahat ng nagsisipagbukas ng bahay-bata, ng mga panganay sa lahat ng mga anak ni Israel. 17 Sapagka't lahat ng mga panganay sa gitna ng mga anak ni Israel ay akin, maging tao at maging hayop: nang araw na aking lipulin ang lahat ng mga panganay sa lupain ng Egipto, ay aking pinapagingbanal para sa akin. 18 At aking kinuha ang mga Levita na kapalit ng lahat ng mga panganay sa gitna ng mga anak ni Israel. 19 At aking ibinigay ang mga Levita na pinaka kaloob kay Aaron at sa kaniyang mga anak mula sa gitna ng mga anak ni Israel upang gawin nila ang paglilingkod sa mga anak ni Israel sa tabernakulo ng kapisanan, at upang magsigawa ng pangtubos sa mga anak ni Israel, upang huwag magkaroon ng salot sa gitna ng mga anak ni Israel, pagka ang mga anak ni Israel, ay lumalapit sa santuario. (20 Ganito ang ginawa ni Moises, at ni Aaron, at ng buong kapisanan ng mga anak ni Israel sa mga Levita: ayon sa lahat ng iniutos ng Panginoon kay Moises tungkol sa mga Levita, ay gayon ginawa ng mga anak ni Israel sa kanila. 21 At ang mga Levita ay nagsipaglinis ng kanilang sarili sa kasalanan, at nagsipaglaba ng kanilang mga damit; at inihandog ni Aaron sila na pinakahandog na inalog sa harap ng Panginoon; at si Aaron ay naggawa ng pangtubos sa kanila upang linisin sila. 22 At pagkatapos niyaon ay nagsipasok ang mga Levita upang gawin ang kanilang paglilingkod sa tabernakulo ng kapisanan sa harap ni Aaron at sa harap ng kaniyang mga anak: kung paano ang iniutos ng Panginoon kay Moises tungkol sa mga Levita, ay gayon ang ginawa nila sa kanila." (Bilang 8:14-22) Ang mga Levita na kinuha bilang kapalit ng lahat ng panganay ng Israel ay sumailalim sa proseso ng paglilinis at pagpapabanal bilang utos ng Panginoon bago sila ibigay kay Aaron upang umalalay sa paglilingkod sa tabernakulo ng Diyos. Ito ay upang siguraduhin ang kaligtasan at kaunlaran ng buong bansa na walang salot sa mga anak ng Israel, na nangangahulugang na ang huling salot ng Ehipto, ay hindi na mangyayari sa kumunidad. Bukod dito, ang mga pari na nasusuportahan ng mga unang-bunga ay magturo sa mga Israelita sa pagsunod sa Diyos, upang ang poot ng Diyos dahil sa paghihimagsik ay hindi dumating sa kanila na nangyari kay Paraon at sa mga Ehipto. Ngayon maari nating ilapat sa ating kapisanan ang parehong paraan upang ang ministerio ng Diyos ay magpatuloy. Ang katawan ng mga pari at ang mga Levita ay upang maglingkod sa Diyos at para sa kapakanan ng buong simbahan. Panatilihin nila ang kanilang sarili na banal at pinabanal para sa Diyos na ibinukod sila upang maging Kanya sarili. Sila'y hindi nabigyan ng kahit anomang mamanahin ng lupa bagkus ang Diyos ay itinalaga ang pinansyal na suporta para sa kanila sa pamamagitan ng patuloy nalg pagbibigay ng ikapu sa mga Levita at ang mga unang bunga sa mga pari. Ang mga Levita ay inutusan din upang magbigay ng kanilang ikapu, isang ikasampu sa ikapu kay Aaron ang pari. "25 At sinalita ng Panginoon kay Moises, na sinasabi, 26 Bukod dito'y sasalitain mo sa mga Levita, at sasabihin mo sa kanila, Pagkuha ninyo sa mga anak ni Israel ng ikasangpung bahagi na aking ibinigay sa inyo mula sa kanila na inyong pinakamana, ay inyong ihahandog nga na pinakahandog na itinaas sa Panginoon, ang ikasangpung bahagi ng ikasangpung bahagi. 27 At ang inyong handog na itinaas ay ibibilang sa inyo, na parang trigo ng giikan at ng kasaganaan ng pisaan ng ubas. 28 Ganito rin kayo maghahandog ng handog na itinaas sa Panginoon sa inyong buong ikasangpung bahagi, na inyong tinatanggap sa mga anak ni Israel; at ganito ibibigay ninyo ang handog na itinaas sa Panginoon kay Aaron na saserdote." (Bilang 18:25-28)

C. Pagbibigay sa Diyos ng mga Ikapu, mga Unang bunga, at mga Handog:

Ang kongregasyon ng Diyos sa ilang ay pinamunuan ng mga Pari at ang mga Levita upang lumapit sa Diyos. Sa parehong paraan sa simbahan ngayon, nang si Cristo ay umakyat sa itaas, Siya ay nagbigay ng mga kaloob. "8 Kaya't sinasabi niya, Nang umakyat siya sa itaas ay dinala niyang bihag ang pagkabihag, At nagbigay ng mga kaloob sa mga tao.11 At pinagkalooban niya ang mga iba na maging mga apostol; at ang mga iba'y propeta; at ang mga iba'y evangelista; at ang mga iba'y pastor at mga guro; 12 Sa ikasasakdal ng mga banal, sa gawaing paglilingkod sa ikatitibay ng katawan ni Cristo:" (Epeso 4:8,11-12) Kaya't kung ano ang itinalaga ng Diyos sa Lumang Testamento sa pagmamalasakit sa pinasyal na suporta para sa mga nangangalaga ng Kanyang tabernakulo, ay may kaugnayan sa simbahan ngayon at sa pagbibigay ng mga unang-bunga, ikapu, at mga handog para sa pagpapatuloy na paglilingkod sa Diyos sa Kanyang Tabernakulo ay isang pangangailangan ng Diyos na hindi maaring mapansin.

1. Paano magbigay ng mga unang-bunga: Karamihan ng mga Kristiyano ay hindi inilalapat ang pagbibigay ng mga unang bunga kahit nais nilang sumunod sa kinakailangang ito ng Panginoon dahil hindi nila alam paano pamahalaan ito. Kung ating isinasaalang alang upang ilagay ang Diyos una sa lugar ng ating pinansiyal, siguradong ang Panginoon ang magbibigay sa atin ng karunungan upang ibigay ang ating unang -bunga sa napapanahong paraan. Ating natutunan mula sa Banal na Kasulatan na ang paglalapat ay ibigay ang unang bunga ng bawat ani kung saan katumbas sa ating unang kinikita sa bawat taon, unang pagtaas, at unang kinita ng bawat negosyo. Ang buwan na ating ibinigay ang ating unang bunga, kailangam din nating ibigay ang ating ikapu para buwan na iyon.

*Ang pagbibigay ng unang bunga ito ay kailangan upang maisagawa mula sa unang kita. Ngunit sa ilang panahon ang isang tao ay hindi makayang magbigay ng kanyang unang kita sapagkat wala siyang paraan upang masuportahan ang kanyang sarili. Kung hindi natin kaya na magbigay ng ating mga unang bunga dahil wala tayong sapat na paraan upang masuportahan ang ating sarili o pamilya, sa ganitong mga kaso, kailangan nating ibigay ang buong ikapu sa bawat buwan. Pagkatapos, praktikal nating ihanda ang ating sarili upang ibigay ang unang bunga sa pagaaral upang ilaan at magipon, handa na magtiis sa pagiwas sa hindi kinakailangan paggasta at makamundong kasiyahan upang tayo ay makapagipon at sa wakas makayanan natin upang magbigay ng unang bunga sa Panginoon sa oras. Maarin din nating disiplinahin ang ating sarili upang isantabi ang isang halaga na katumbas sa ating unang buwan ng kita upang makapagbigay tayo ng ating unang-bunga sa Diyos sa loob ng isang taon. Sa bawat tao ay kailangan iprograma ang kanyang sarili. Kahit na ang Panginoon ay inutusan ang mga Israelita na pagkatapos nilang maisaayos sa lupa na ibinigay ng Panginoon sa kanila, na kinakailangan nila na isantabi ang panganay ng kanilang baka at ang lahat ng unang bunga ng lupa.*

a) "11At mangyayari, pagkadala sa iyo ng Panginoon sa lupain ng Cananeo, gaya ng isinumpa sa iyo at sa iyong mga magulang, at pagkabigay niyaon sa iyo, 12Ay ihihiwalay mo para sa Panginoon yaong lahat na nagbubukas ng bahay-bata, at bawa't panganay na mayroon ka na mula sa hayop; ang mga lalake, ay sa Panginoon. 13At bawa't panganay sa asno ay tutubusin mo ng isang kordero; at kung hindi mo tutubusin, ay iyo ngang babaliin ang kaniyang leeg: at lahat ng mga panganay na lalake sa iyong mga anak ay iyong

tutubusin. 14At mangyayari, na pagtatanong sa iyo ng iyong anak sa panahong darating, na sasabihin, Ano ito? na iyong sasabihin sa kaniya: Sa pamamagitan ng lakas ng kamay ay inilabas tayo ng Panginoon sa Egipto, sa bahay ng pagkaalipin." (Exodu 13:11-14)

b) “1 At mangyayari, pagka nakapasok ka sa lupain na ibinibigay sa iyo ng Panginoon mong Dios na pinakamana, at iyong inaari, at iyong tinatahanan; 2 Na iyong kukunin ang mga una sa lahat ng bunga ng lupain, na iyong mga pipitasin sa lupain na ibinibigay sa iyo ng Panginoon mong Dios: at iyong isisilid sa isang buslo, at ikaw ay paroroon sa dakong pipiliin ng Panginoon mong Dios, na patatahanan sa kaniyang pangalan: 3 At paroroon ka sa saserdote sa mga araw na yaon, at sasabihin mo sa kaniya, Aking ipinahahayag sa araw na ito sa Panginoon mong Dios, na ako'y nasok sa lupain na isinumpa ng Panginoon sa aming mga magulang, upang ibigay sa amin. 4 At kukunin ng saserdote ang buslo sa iyong kamay at ilalagay sa harap ng dambana ng Panginoon mong Dios. 5 At ikaw ay sasagot, at magsasabi sa harap ng Panginoon mong Dios, Isang taga Siria na kamunti nang mamatay ang aking ama; siyang bumaba sa Egipto, at nakipamayan doon, na kaunti sa bilang; at doo'y naging isang bansang malaki, makapangyarihan, at makapal: 6 At kami ay tinampalasan ng mga taga Egipto, at pinighati kami at inatangan kami ng isang mabigat na pagkaalipin: 7 At kami ay dumaing sa Panginoon, sa Dios ng aming mga magulang at dininig ng Panginoon ang aming tinig, at nakita ang aming kadalamhatian, at ang aming gawa, at ang aming kapighatian; 8 At inilabas kami ng Panginoon sa Egipto ng kamay na makapangyarihan, at ng unat na bisig, at ng malaking kakilabutan, at ng mga tanda, at ng mga kababalaghan: 9 At kaniyang dinala kami sa lupaing ito, at ibinigay sa amin ang lupaing binubukalan ng gatas at pulot. 10 At ngayon, narito, aking dala ang mga una sa bunga ng lupa, na ibinigay mo sa akin, Oh Panginoon. At iyong ilalapag sa harap ng Panginoon mong Dios, at sasamba ka sa harap ng Panginoon mong Dios: 11 At magagalak ka sa lahat ng magaling na ibinigay sa iyo ng Panginoon mong Dios, at sa iyong sangbahayan, ikaw, at ang Levita, at ang taga ibang lupa na nasa gitna mo." (Deutronomio 26:1-11)

c) "23 At pagka kayo'y papasok sa lupain, at nakapagtanim na kayo ng sarisaring punong kahoy na pagkain, ay aariin ninyo ang bunga niyaon na parang hindi sa tuli: tatlong taong aariin ninyong parang hindi sa tuli; hindi kakanin. 24 Datapuwa't sa ikaapat na taon, ang lahat ng bunga niyaon ay magiging banal na pinaka papuri sa Panginoon. 25 At sa ikalimang taon ay kakain kayo ng bunga niyaon upang papagbungahin sa inyo: ako ang Panginoon ninyong Dios." (Leviticu 19:23-25) Ito ay kinagawian na ng mga Judio na bunutin ang bunga mula batang mga puno, dahil ang kanilang maagang bunga ay makakahadlang sa paglago ng puno, ganon din ang bunga dahil sa unang tatlong taon hindi pa itinuturing na ganap na hinog. Ngunit ang ganap na paglago ng bunga sa ikaapat na taon ay banal sa Panginoon at itinuturing na mga unang bunga na maibibigay sa mga pari, at pagkatapos niyon, pagaari na nilang lahat. Ang batas na ito ay sa kaso ng bunga ng mga puno tila tumakbong kahilera sa mga kaso ng mga hayop. Na walang nilalang na tatanggapin bilang isang handog hanggang hindi nabubuo ng walong araw mula sa pagkapanganak. "27 Pagka may ipinanganak, na baka, o tupa, o kambing ay mapapasa kaniyang ina ngang pitong araw; at mula sa ikawalong araw hanggang sa haharapin ay tatanggaping alay sa Panginoon na handog na pinaraan sa apoy." (Leviticu 22:27)

Madalas kong itinuturo sa mga alagad na napagtagumpayan ang pinansyal na hadlang at may sapat na ipon, upang itabi ang isang tiyak na halaga ng pera sa bawat buwan upang sa paglipas ng panahon sa labindalawang buwan, ito'y madagdagan sa isang buwan na sahod, na maaring maihandog bilang unang bunga ng walang pagpapakasakit. Kailangan nating maging maingat tungkol doon sapagkat kung tayo ay maingat na gawin iyon sa gayon kapag ang oras ay dumating na magbayad sa ating unang bunga sa gayon hindi tayo mapipilitan at makikita natin ang ating sarili na kaya na gawin iyon.

2. Si Achan ay ninakaw ang ilan sa mga unang bunga: "2At sinabi ng Panginoon kay Josue, Tingnan mo, aking ibinigay sa iyong kamay ang Jerico, at ang hari niyaon, at ang mga makapangyarihang lalaking matapang." (Josue 6:2) Ang bayan ng Jericho ay ang unang bayan na ibinigay kay Josue, isang uri ng unangbunga na ang Panginoon ay inutusan siya na wasakin sa apoy bilang isang handog sa Kanya. "17 At ang bayan ay matatalaga sa Panginoon, yaon at ang lahat na tumatahan doon: si Rahab na patutot lamang ang mabubuhay, siya at ang lahat na kasama niya sa bahay, sapagka't kaniyang ikinubli ang mga sugo na ating sinugo. 18 At kayo, sa anomang paraan ay magsipagingat sa itinalagang bagay; baka pagka naitalaga na sa inyo ay kumuha kayo sa itinalagang bagay; sa gayo'y inyong ipasusumpa ang kampamento ng Israel, at inyong babagabagin. 19 Nguni't lahat na pilak, at ginto, at mga sisidlang tanso at bakal, ay banal sa Panginoon: pawang ipapasok sa silid ng kayamanan ng Panginoon. 24 At kanilang sinunog ng apoy ang bayan, at lahat na nandoon: ang pilak lamang, at ang ginto, at ang mga sisidlang tanso at bakal, ang kanilang ipinasok sa silid ng kayamanan ng bahay ng Panginoon." (Josue 6:17-19, 24) Mayroong mga nagtuturo at ginamit ang Jericho bilang halimbawa ng pabibigay ng ikapu sa Diyos. Ito ay hindi tama. Ang Jericho ay ang unang bunga na hinangad ng Diyos mula sa Kanyang bayan na hindi ibigay sa Kanya ang ikapu nito, kundi ibigay ang lahat sa Kanya.

Hindi mo kaya kunin ang unang bunga sa Diyos kung hindi ikaw ay susumpain.

Pinagtibay ni Josue na ang Jericho ay unangbunga na kinakailangan maibigay ang lahat sa Diyos nang ipahayag niya na sa mga magtatayo nito ay gagawin ito sa paggugol ng pagkawala ng kanilang panganay, bilang katulad ng ginawa ng Diyos kaban sa mga Ehipto na naghimagsik laban sa Diyos. Pinatunayan iyon ni Josue: "26 At binilinan sila ni Josue sa pamamagitan ng sumpa nang panahong yaon, na sinasabi, Sumpain ang lalake sa harap ng Panginoon, na magbangon at magtayo nitong bayan ng Jerico; kaniyang inilagay ang tatagang-baon niyaon sa kamatayan ng kaniyang panganay, at kaniyang itatayo ang mga pintuang-bayan niyaon sa kamatayan ng kaniyang bunso." (Josue 6:26) Hindi sinabi ng Diyos ang tungkol sa ibang bayan na nakuha ng mga Israelita na ibalik sa Kanya maliban aa bayan ng Jericho dahil ang Jericho ay ang unang bayan at ang unang bunga na kinakailangang maibigay sa Diyos. Ipinahayag ni Josue na ang isang magtatayo nito ay gagawin ito sa paggugol ng kanyang panganay at sa huli ng anong meron siya kung siya ay magpapatuloy sa pagtatayo nito sa kabila ng babala ng Diyos at sa pahihirapan ng kaparusahan ng Diyos sa taong iyon. Ang ganitong bagay ay talagang nangyayari sa panahon ni Haring Ahab. "34 Sa kaniyang mga kaarawan itinayo ni Hiel na taga Beth-el ang Jerico: siya'y naglagay ng talagang-baon sa pagkamatay ni Abiram na kaniyang panganay, at itinayo ang mga pintuang-bayan niyaon sa pagkamatay ng kaniyang bunsong anak na si Segub; ayon sa salita ng Panginoon na kaniyang sinalita sa pamamagitan ni Josue na anak ni

Nun." (1 Hari 16:34) Sa muling pagtatayo ng bayan ng Jericho ay hamon sa mga kautusan ng Diyos at sa Kanyang Salita. Kahit na sinaktan ng Diyos si Heil ang panganay bagkus hindi siya natakot sa Diyos at hindi tumigil sa kanyang ginagaw, sa gayon nagpatuloy ang Diyos upang wasakin siya hanggang mawala ang kanyang pinakabatang anak na lalaki nang itinatag ang pintuang-bayan.

"1 Nguni't ang mga anak ni Israel ay nakagawa ng pagsalangsang sa itinalagang bagay: sapagka't si Achan na anak ni Carmi, na anak ni Zabdi, na anak ni Zera, sa lipi ni Juda; ay kumuha sa itinalagang bagay, at ang galit ng Panginoon ay nagningas laban sa mga anak ni Israel." (Joshue 7:1) Ang unang bunga na ibinigay ng Diyos kay Josue sa pagsakop sa Lupa, ang bayan ng Jericho ay itinalaga sa Panginoon sa pamamagitan ng apoy, at lahat ng pilak at ginto, ang sisidlan ng tanso at bakal ay ilalagay sa kayamanan ng Panginoon. Ngunit si Akan ay nagimbot mula doon, ninakaw ang mamahaling mga bagay, at itinago sa ilalim ng kanyang tolda.

"10 At sinabi ng Panginoon kay Josue, Bumangon ka; bakit ka nagpatirapa ng ganito? 11 Ang Israel ay nagkasala; oo, kanilang sinalangsang din ang aking tipan na aking iniutos sa kanila; oo, sila'y kumuha rin sa itinalagang bagay, at nagnakaw rin, at nagbulaan din; at sila'y naglagay rin sa kanilang sariling daladalahan. 12 Kaya't ang mga anak ni Israel ay hindi makatatayo sa harap ng kanilang mga kaaway; sila'y tumalikod sa harap ng kanilang mga kaaway, sapagka't sila'y naging sinumpa: ako'y hindi na sasa inyo pa, maliban sa inyong sirain ang itinalagang bagay sa gitna ninyo. 13 Bumangon ka, papagbanalin mo ang bayan, at sabihin mo, Mangagpakabanal kayo sa kinabukasan: sapagka't ganito ang sabi ng Panginoon, ng Dios ng Israel, May itinalagang bagay sa gitna mo, Oh Israel: ikaw ay hindi makatatayo sa harap ng iyong mga kaaway, hanggang sa inyong alisin ang itinalagang bagay sa gitna ninyo. 14 Sa kinaumagahan nga ay lalapit kayo ayon sa inyong mga lipi: at mangyayari, na ang lipi na pipiliin ng Panginoon ay lalapit ayon sa mga angkan: at ang angkan na pipiliin ng Panginoon ay lalapit ayon sa mga sangbahayan; at ang sangbahayan na pipiliin ng Panginoon ay lalapit bawa't lalake. 15 At mangyayari, na ang makunan ng itinalagang bagay ay susunugin sa apoy, siya at ang lahat niyang tinatangkilik: sapagka't kaniyang sinalangsang ang tipan ng Panginoon, at sapagka't siya'y gumawa ng kaululan sa Israel. 19 At sinabi ni Josue kay Achan, Anak ko, isinasamo ko sa iyo, na iyong luwalhatiin ang Panginoon, ang Dios ng Israel, at magpahayag ka sa kaniya; at ipahayag mo sa akin ngayon kung ano ang iyong ginawa; huwag kang maglihim sa akin. 20 At sumagot si Achan kay Josue, at sinabi, Sa katotohanan ay nagkasala ako laban sa Panginoon, sa Dios ng Israel, at ganito't ganito ang aking ginawa: 21 Nang aking makita sa samsam ang mainam na balabal na yaring Babilonia, at ang dalawang daang siklong pilak, at ang isang dila na ginto, na limang pung siklo ang timbang, ay akin ngang inimbot, at aking kinuha; at, narito, nangakukubli sa lupa sa gitna ng aking tolda, at ang pilak ay nasa ilalim niyaon. 22 Sa gayo'y nagsugo si Josue ng mga sugo at kanilang tinakbo ang tolda; at, narito, nakakubli sa kaniyang tolda, at ang pilak ay nasa ilalim niyaon. 23 At kanilang kinuha sa gitna ng tolda, at dinala kay Josue, at sa lahat ng mga anak ni Israel; at kanilang inilapag sa harap ng Panginoon. 24 At kinuha ni Josue, at ng buong Israel na kasama niya, si Achan na anak ni Zera at ang pilak, at ang balabal, at ang dila na ginto, at ang kaniyang mga anak na lalake at babae, at ang kaniyang mga baka, at ang kaniyang mga asno, at ang kaniyang mga tupa, at ang kaniyang tolda, at ang lahat niyang tinatangkilik: at kanilang isinampa sa libis ng Achor. 25 At sinabi ni Josue, Bakit mo kami binagabag? babagabagin ka sa araw na ito ng Panginoon. At binato siya ng mga bato ng buong Israel; at sinunog nila sila sa apoy, at binato sila ng mga bato." (Joshue 7:10-15, 19-25) Si Achan ay nagbigay ng kaguluhan sa buong kumunidad at sakuna sa kanyang sariling sangbahayan sa pamamagitan ng pagnanakaw mula sa unang bayan na na sinabi ng Diyos na ibigay sa Kanya. Si Achan ay lumabag sa tipan ng Diyos at sinumpa. Samakatuwid ito ay napaka kakila-kilabot upang kunin ang mga unang bagay na sa Diyos. Upang kunin ang unang bunga na pagaari ng Diyos ang kahulugan nito ay paghihimagsik laban sa anong itinatagubilin ng Diyos. Sa gayon ang salot na bumagsak sa panganay ng mga Ehipto ay babagsak sa mga tumanggi ng katuruan sa pagbibigay ng unang bunga sa Diyos. Ang unang mga bunga ay upang suportahan ang pamumuhay ng mga pari, na silang responsable upang magturo sa mga tao na huwag maghimagsik laban sa Diyos. Si Achan ay anak ni Carmi at Heil ang Betelita, kapwa sila lumaban sa mga kautusan ng Diyos sa pamamagitan ni Josue, sa paglabag sa utos ng pagbibigay ng unangbunga sa Diyos ay natanggap ang kabayaran ng kanilang mga kasalanan na ating nabasa. Ganon din habang ang Panginoon ay dinisiplina niya ang Kanyang bayan para sa mga paglabag na iyon na ating nabasa sa Joshue 7 para sa kasalanan ni Achan, na maari nating mabasa sa 1 Hari 17 para sa paglabag ni Hiel ang Bethlita na ang kasalanan ay kinondena ni Haro Ahab: "1At si Elias na Thisbita, na sa mga nakikipamayan sa Galaad, ay nagsabi kay Achab: Buhay ang Panginoon, ang Dios ng Israel, na ako'y nakatayo sa harap niya hindi magkakaroon ng hamog o ulan man sa mga taong ito, kundi ayon sa aking salita." (1 Hari 17:1) Sa tatlong tao at kalahati walang ulan na dumating. Ang Diyos ay dinulutan sila ng matinding kagutuman dahil sa mga kasalanan ng Kanyang bayan at umabot ito sa punto upang ipawalang halaga ang katuruan ng pagbibigay ng unang bunga. Ayaw ng mga tao na magbigay ng kanilang mga unang bunga sa Diyos sapagka't hindi nila kaya alinman sapagkat inilaan nila sa kanilang mga idolo, o hindi sila handang magbigay ng unang bunga sa Diyos dahil nais nila at nagpaplano upang ilaan sa kanilang mga idolo, kasiyahan, paghahangad, at mga plano na gawin ang kanilang sariling kagustuhan.

Si Abel ay pinatay ni Cain pagkatapos niyang maghandog ng Kanyang unang bunga. Si Eliseo ay papatayin ni Ahab nang ibalita sa kanya ang hatol ng Diyos sa pagpigil ng ulan mula sa kanila. Sa mga gumagawa ng kalooban ng Diyos at isinasakatuparan ito, sila'y uusigin at ilalagay sa maatas na panganib mula sa mga sumasalungat sa katotohanan ng Diyos. Ang ganitong masamang paguugali at pagsuway laban sa Diyos at sa Kanyang Salita ay maghahatid ng poot ng Diyos, taggutom, at kakulangan, bilang ang taggutom na nangyari sa panahon ni Eliseo. Ang lahat ng digmaan, ang mga taggutom, ang mga salot sa mundo ay matinding poot ng Diyos sa mga taong sumasalungat at lumalaban sa Kanyang Salita at lumalaban sa Kanyang kalooban.

D. Pagbibigay ng mas mahusay na mga sakripisyo, ang unang bunga:

1. "3 At nangyari nang lumalakad ang panahon ay nagdala si Cain ng isang handog na mga bunga ng lupa sa Panginoon. 4 At nagdala rin naman si Abel ng mga panganay ng kaniyang kawan at ng mga taba ng mga yaon. At nilingap ng Panginoon si Abel at ang kaniyang handog: " (Genesis 4:3-4) Si Abel ang unang tao na binanggit sa Bibliya na naghandog ng Kanyang unang-bunga sa Panginoon. Siya ay isang pastol at dinala niya ang panganay ng kanyang kawan. "4 Sa pananampalataya si Abel ay naghandog sa Dios ng lalong mabuting hain kay sa kay Cain, sa pamamagitan nito'y sinaksihan sa kaniyang siya'y matuwid, na nagpapatotoo ang Dios tungkol sa kaniyang mga

kaloob: at sa pamamagitan nito patay na siya ay nagsasalita pa." (Hebreo 11:4) Ang Bagong Tipan sa pagsasanguni kay Abel at sa kanyang pagbibigay sa mga unang bunga, sa gayon isinasangguni sa atin sa paghahatid at pagbibigay ng unang bunga sa Diyos.

2. "5 Sa unang buwan, nang ikalabing apat na araw ng buwan, sa paglubog ng araw, ay paskua sa Panginoon. 6 At nang ikalabing limang araw ng buwang iyan, ay kapistahan ng tinapay na walang lebadura sa Panginoon: pitong araw na kakain kayo ng tinapay na walang lebadura. 7 Sa unang araw ay magkakaroon ng banal na pagpupulong: anomang gawang paglilingkod ay huwag ninyong gagawin. 8 Kundi maghahandog kayo sa Panginoon na pitong araw ng handog na pinaraan sa apoy; sa ikapitong araw ay magkakaroon ng banal na pagpupulong anomang gawang paglilingkod ay huwag ninyong gagawin. 9 At sinalita ng Panginoon kay Moises na sinasabi, 10 Salitain mo sa mga anak ni Israel, at sabihin mo sa kanila, Pagka kayo'y nakapasok sa lupain na ibibigay ko sa inyo, at inyong nagapas na ang ani niyaon, ay magdadala nga kayo sa saserdote ng bigkis na pinaka pangunang bunga ng inyong paggapas: 11 At aalugin niya ang bigkis sa harap ng Panginoon upang tanggapin sa ganang inyo: sa kinabukasan pagkatapos ng sabbath aalugin ng saserdote." (Leviticu 23:5-11) Ang ating Panginoong Jesus Cristo ay ang Paskua na namatay sa araw na ang Paskua ng Tupa ay pinatay. "5 Sa unang buwan, nang ikalabing apat na araw ng buwan, sa paglubog ng araw, ay paskua sa Panginoon." (Levitu 23:5) Ang araw pagkatapos ng pagkamatay ni Cristo ay Araw ng Pamamahinga. "6 At nang ikalabing limang araw ng buwang iyan, ay kapistahan ng tinapay na walang lebadura sa Panginoon: pitong araw na kakain kayo ng tinapay na walang lebadura. 7 Sa unang araw ay magkakaroon ng banal na pagpupulong: anomang gawang paglilingkod ay huwag ninyong gagawin." (Leviticu 23:6-7) Ang bigkis ng unang bunga ay inialay sa kapistahan ng tinapay na walang lebadura pagkatapos ng Araw ng Pamamahinga ay tumutukoy sa Panginoon Jesus. Ang araw pagkatapos ng Araw ng Pamamahinga ay unang araw ng linggo na ang Panginoon ay muling nabuhay mula sa patay. Sa ganitong araw ipinagdiriwang natin ang unang araw ng linggo, Linggo bilang Araw ng Panginoon. "10 Salitain mo sa mga anak ni Israel, at sabihin mo sa kanila, Pagka kayo'y nakapasok sa lupain na ibibigay ko sa inyo, at inyong nagapas na ang ani niyaon, ay magdadala nga kayo sa saserdote ng bigkis na pinaka pangunang bunga ng inyong paggapas: 11At aalugin niya ang bigkis sa harap ng Panginoon upang tanggapin sa ganang inyo: sa kinabukasan pagkatapos ng sabbath aalugin ng saserdote." (Leviticu 23:10-11)

3. "29 Sapagka't yaong mga nang una pa'y kaniyang nakilala, ay itinalaga naman niya na maging katulad ng larawan ng kaniyang Anak, upang siya ang maging panganay sa maraming magkakapatid:" (Roma 8:29) "20 Datapuwa't si Cristo nga'y muling binuhay sa mga patay na siya ay naging pangunahing bunga ng nangatutulog." (1 Corinto 15:20) Ang ating Panginoong Jesus ay ang tunay na Panganay at ang totoong Unangbunga. Ang Paskua at ang kapistahan ng Tinapay na walang Lebadura ay mga kaganapan ng pagsasalarawan ng kamatayan at muling pagkabuhay ng ating Panginoong Jesu-Cristo na ibinigay ang Kanyang buhay at Kanyang dugo para sa pagtubos ng ating mga kasalanan. Siya ay ang Panganay ng Diyos ang Diyos Ama at ang Panganay sa atin, ang mga anak ng Diyos. Ang ating Panginoong Jesu-Cristo ay nabuhay mula sa mga patay noong pinaka araw na ang mga unang-bunga ay inihandog upang ipakita na Siya ay ang tinatangkilik ng larawan. "10 Salitain mo sa mga anak ni Israel, at sabihin mo sa kanila, Pagka kayo'y nakapasok sa lupain na ibibigay ko sa inyo, at inyong nagapas na ang ani niyaon, ay magdadala nga kayo sa saserdote ng bigkis na pinaka pangunang bunga ng inyong paggapas: 11At aalugin niya ang bigkis sa harap ng Panginoon upang tanggapin sa ganang inyo: sa kinabukasan pagkatapos ng sabbath aalugin ng saserdote." (Leviticu 23:10-11)

4. "9 Parangalin mo ang Panginoon ng iyong tinatangkilik, at ng mga unang bunga ng lahat mong ani: 10 Sa gayo'y mapupuno ang iyong mga kamalig ng sagana, at ang iyong mga alilisan ay aapawan ng bagong alak." (Kawikaan 3:9-10) Tayo ay tinuruan sa pamamagitan ng batas na ito upang igalang ang Panginoon sa ating tinatangkilik, at sa mga unang-bunga ng lahat ng ating pagtaas. "14 At huwag kayong kakain ng tinapay, ni trigong sinangag, ni uhay na bago, hanggang sa araw na ito, hanggang sa inyong madala ang alay sa inyong Dios: siyang palatuntunan magpakailan man sa buong panahon ng inyong lahi, sa lahat ng inyong mga tahanan." (Leviticu 23:14) Ang mga Israelita ay hindi pinayagan upang kumain ng kanilang unang bunga ng trigo hanggang ang bahagi ng Diyos ay ihandog sa Kanya. Ang mga Israelita ay piniling bayan ng Diyos sa Lumang Tipan na ginabayan ng mga kautusan ng Panginoon sa bawat aspeto ng kanilang pamumuhay. Kung aangkinin natin na maging hinirang na bayan ng Diyos, kailangan nating simulan kasama ang Diyos at laging isabuhay ang buhay kasama ng Diyos-simulan ang bawat araw kasama Siya, simulan sa tuwing kakain kasama Siya, simulan sa bawat pangyayari at negosyo na kasama Siya. Dapat nating piliin na igalang ang Diyos sa ating buhay, sa ating tinatangkilik, at sa bawat unangbunga ng ating paggawa at pagtaas.

5. "22 Datapuwa't nagsilapit kayo sa bundok ng Sion, at sa bayan ng Dios na buhay, ang Jerusalem sa kalangitan, at sa mga di mabilang na hukbo ng mga anghel, 23 Sa pangkalahatang pulong at iglesia ng mga panganay na nangatatala sa langit, at sa Dios na Hukom ng lahat, at mga espiritu ng mga taong ganap na pinasakdal, 24 At kay Jesus na tagapamagitan ng bagong tipan, at dugong pangwisik na nagsasalita ng lalong mabuti kay sa dugo ni Abel." (Hebreo 12:22-24) Tayo ang Simbahan ng Panganay, si Jesu-Cristo na ang unang nabuhay mula sa mga patay, at tayo ay ang kapatid ni Jesus at ang ating pangalan ay nakasulat sa Langit. Dapat tayong sumunod sa ating Panginoon at Tagapagligtas na si Jesu-Cristo, ang pangulo ng Simbahan. Ang ating mga unang-bunga at patotoo ng buhay ay dapat din katulad ni Abel na kahit na tayo'y patay ay patuloy naghahayag tungkol. Dapat nating ibigay hindi lamang ang ating ikapu at mga unang bunga bagkus ang ating buong buhay sa Diyos. Si Abel ay hindi lamang ibinigay ang kanyang unang bunga sa Diyos ngunit ang kanyang buhay din. Handa siyang magpakasakit at mamatay at tumayo sa paguusig sa pagsunod sa Diyos. Dapat nating ialay ang ating buong buhay upang mabuhay para sa Diyos at maging handa din upang maghirap para sa kaluwalhatian ng Kanyang Pangalan. Kung si Abel ay sumunod at ibinigay ang kanyang buhay bilang unang bunga sa Diyos, Gaano pa upang sumunod tayo sa Kanya ngayon? Ang mga Israelita ay tinubos sa pamamagitan ng dugo ng tupa at mula ngayon ay sinusunod ang pagbibigay ng kanilang mga unang bunga sa Diyos. Sa gayon Gaano pa dapat tayo na tinubos sa pamamagitan ng mahalagang dugo ni Jesus! Gaano pa dapat ang pagmamasid sa pagbibigay ng ating unang bunga, ating buong buhay at lahat ng kinailangan sa atin ng Diyos!

6. "23 At hindi lamang gayon, kundi pati naman tayo na mayroong mga pangunahing bunga ng Espiritu, sa makatuwid baga'y tayo nama'y nangagsisihibik din sa ating sarili, sa paghihintay ng pagkukupkop, na dili iba't, ang pagtubos sa ating katawan." (Roma 8:23) Mayroon tayong mga unang bunga ng espiritu, kahit ang Banal na Espiritu na ang Panginoon ay ipinangakong ibinigay sa atin. Ibinibigay

natin ang ating mga unang bunga sa Diyos kasama ng ganap na pagkaunawa at sa kakayahan ng Banal na Espiritu sa kagalakan sa pananampalataya at pamumuhay sa sandali ng paghihintay ng hinaharap na pagtubos ng ating katawan upang makamit ang isang maluwalhating katawan kapag nakatagpo ang Panginoon sa alapaap. Habang ating isinasagawa ang pagbibigay ng ating unang bunga, ang ating kamalig ay mapupuno ng sagana, at ang ating mga alilisan ay aapawan ng bagong alak.

Aking ibinibigay ng aking unang bunga habang aking ibinibigay ang katumbas sa isang buwan na kita sa bawat taon. Ito ay karadagdagan sa pagbibigay ng aking ikapu. Ibinibigay ko ang aking unang bunga sa ganitong paraan: Hinahati ko ang anumang kita na mayroon ako sa labindalawang bahagi at ibinibigay ko ang isang bahagi sa Panginoon; Inilalagay ko ito sa isang sobre, isinulat ko ang aking pangalan doon at tinukoy ang pagbibigay bilang unang bunga at inihulog ko ito sa basket ng koleksyon.

Sa aking mahal at minamahal: Ang Diyos ay tinatawag ka ngayon upang ibigay ang iyong puso, ang iyong buhay at upang ibigay ang lahat na mayroon ka sa kamay ng Diyos. Maging handa upang lumakad sa landas na itinalaga ng Diyos para sa iyo upang pagdaanan. Ang Salita ng Diyos ay sinabi ang sumusunod: "29 Huwag kang magmamakupad ng paghahandog ng iyong mga ani, at ng tulo ng iyong mga pigaan. Ang panganay sa iyong mga anak na lalake ay ibibigay mo sa akin." (Exodu 22:29) Kung may sapat kang kita sa gayon simulan mong itabi ang iyong unang-bunga at dalhin ito sa Diyos bilang buwanang mga pundasyon. Ngunit, kung may sapat ka ng ipon, sa gayon, hinihikayat kita na magtiwala sa Diyos at sumunod sa Kanya sa paghahatid sa anong katumbas sa iyong unang buwan na sahod bilang iyong unang bunga sa Diyos, at magpatuloy na gawin iyon sa taunang pundasyon. Subukan at tingnan kung paano ang Panginoon ay tutuparin ang kanyang mga pangako at ang iyong kamalig ay mapupuno ng sagana, at ang iyong mga alilisan ay aapawan ng bagong alak, "9 Parangalin mo ang Panginoon ng iyong tinatangkilik, at ng mga unang bunga ng lahat mong ani: 10 Sa gayo'y mapupuno ang iyong mga kamalig ng sagana, at ang iyong mga alilisan ay aapawan ng bagong alak." (Kawikaan 3:9-10)

Bumalik sa Panginoon, magsisi at talikuran ang lahat ng iyong mga kasalanan.

Sabihin mo Panginoon, patawarin mo ako sa sumusunod kong mga kasalanan (ihayag ang iyong mga kasalanan sa Diyos at talikuran sila).

Ngayon ipagkatiwala ang iyong buhay sa Diyos. Ibigay sa Kanya ang iyong puso, at anyayahan Siya na lumapit at pumasok sa iyong puso at maging Panginoon sa iyong buong buhay. Ipagkatiwala ang iyong buhay sa Diyos, upang sumunod sa Kanya, at gawin ang Kanyang kalooban sa iyong buhay.

Panginoon pagpalain ang aking Kapatid na lalaki at Kapatid na babae , na ipinagkatiwala ang kanilang buhay upang sumunod sayo. Panginoon itaguyod sila ng iyong biyaya at ibigay ang lahat ng kanilang pangangailangan.

Panginoon ako'y nanalangin para sa kanila na ipinagkatiwala ang kanilang sarili upang handang ibigay ang kanilang mga unang bunga sayo. Panginoon hayaan mo ang iyong pangako ay magkatotoo sa kanilang buhay, na ang kanilang kamalig ay mapupuno ng sagana, at ang kanilang alilisan ay aapawan ng bagong alak.

Panginoon tulungan ang mga nasa nangangailangan ng pinansiyal at panatilihin sila at lutasin ang kanilang suliranin sa pinansyal at tulungan sila na makabayad sa lahat ng kanilang mga utang. Panginoon ako'y nanalangin para sa iyong biyaya na maging masagana sa kanilang buhay.

Panginoon protektahan ang kanilang mga trabaho, ang mga visa at ang kita ng bawat isa mga kapatid na lalaki at babae at pagpalain ang mga lugar at ang mga kumpanya na kanilang pinagtatrabahuhan. Panginoon pagpalain at pasaganain ang mga palagiang naghahatid ng kanilang mga ikapu, handog, at ang kanilang unang bunga sa iyong tahanan. Panginoon hayaan mo ang iyong Salita at mga pangako ay matupad sa kanilang buhay.

Panginoon pagpalain mo ang iyong simbahan at palaguin mo. Panginoon ako'y nanalangin para sa marami pang pageebanghelyo at maraming tao na maabot para kay Cristo. Panginoon gamitin ang lahat ng nakolektang pinansyal upang abutin ang bagong mga tao at suportahan ang lahat ng pangangailangan sa simbahan. Panginoon ako'y nanalangin para sa marami pang pangkat ng pagaaral ng Bibliya na mabuksan. Panginoon sa mga masunurin pahiran sila ng iyong Banal na Espiritu at gamitin sila upang abutin ang nawawala at ihatid ang bunga na hangad mo na makita sa buhay ng iyong simbahan. Panginoon tulungan kami at protektahan kami habang kami'y nagtitiyaga sa paglilingkod sayo. Panginoon pagpalain kami, palawakin mo ang iyong lupain, sumaamin nawa ang iyong kamay at ilayo kami sa anomang kapahamakan upang hindi kami makaramdam ng sakit. Nawa ang biyaya ng Panginoong Jesus at ang pagibig ng Diyos at ang pakikipagkaisa ng Banal na Espiritu ay sumaaming lahat sa pangalan ni Jesus, Amen.

Dr.Ramiz Khalaf
Ang Tagapamahala ng Simbahan
Simbahan ng Diyos
United Arab Emirates
Email: thebread1@gmail.com
Mobile Tel.#:00971551902647

Tandaan: Ang Tinapay ng buhay ay lingguhang paghahayag mula sa Simbahan ng Diyos, United Arab Emirates. Sa karagadagang usapin at higit sa espirituwal na pagpapalago maari mo kami bisitahin sa aming website sa: www.churchofgoduae.com

Ibahagi ang mesahe sa iyong mga kaibigan.

Nakikiusap ako na ibahagi mo sa amin ang iyong saloobin tungkol sa mensahe at kung mayroon kang katanungan.

Kung mayroon kang kahilingan na panalagin, maari mong ipadala sa numero ng whatsapp: 00971551902647, o sa email na ito: thebread1@gmail.com

Pakipadala ng iyong ikasapung bahagi, iyong unang bunga at iyong iba't ibang handog sa simbahan sa account na ito:

Pangalan ng Banko:
First Abu Dhabi Bank (FAB)
ACCOUNT NAME:
RAMIZ BAHNAM ABBO KHALAF
ACCOUNT NO:
1576003753162014
IBAN:
AE380351576003753162014
SWIFT CODE:
NBADAEAACPU

O tawagan ako sa whatsapp numerong ito:
00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com

Kung kailangan mo ng payo sa bahagi ng iyong buhay, kung ito'y tungkol sa pamilya, mga anak o pinansyal, mangyaring malayang makipagugnayan sa akin sa whatsapp na numerous: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com
.